**<u>INTERNATIONAL NAPASA (May 20th, 2025)</u>**

## 1)UKOL SA PAGHAHANAP NG GAGAMIT SA PATANIMAN PARA SA MAMAMAYAN

市民農園の利用者の募集のおしらせ

Ang Hiratsuka City ay naghahanap ng gagamit sa 22 pataniwan sa loob ng lungsod. Ang kontrata ay 2 taon at may posibilidad na ito ay ma-extend. Ang bayad sa taunang pagre-renta ng pataniman ay mula ¥ 8,000 hanggang ¥ 18,000. Ang bayad sa pagre-renta ay magkakaiba ayon sa lugar. Makikita sa ***Home Page*** ng Hiratasuka City ang bakanteng lugar ng pataniman. Kung may katanungan ay maaaring tumawag sa ***AGRICULTURE AND FISHERIES DIVISION (NOUGYO SUISAN KA).*** Telephone No. **0463-35-8102 ( 0463-35-8102 )**.

## 2)DEVICE PARA SA PAG-IWAS SA MGA DI KANAIS-NAIS NA TAWAG O SPAM CALLS

迷惑電話防止装置のお知らせ

1. Dito sa Hiratsuka City ay nagbibigay ng tulong na 1/2 ng presyo sa pagbili ng device para makaiwas sa mga di kanais-nais na tawag o spam calls sa mga residenteng matatanda na may edad na 65 taong gulang pataas. Subalit hanggang sa ¥ 5000 lamang ang tulong. Para sa mga gustong mag-apply ay isagawa ang kinakailangang pag-proseso sa ***RISK AND MANAGEMENT DIVISION*** sa 4th Floor ng Hiratsuka City Office. Para sa mga katanungan ukol sa mga kinakailangang dokumento ay makipag-ugnayan sa sa ***RISK AND MANAGEMENT DIVISION.*** Telephone No. 0463-21-9863 (0463-21-9863).

## 3)PAGPAPAALAM UKOL SA SHONAN HIRATSUKA FUREAI MARKET

湘南平塚ふれあいマーケットのお知らせ

Sa May 25 (Sunday) ay magkakaroon ng ***SHONAN HIRATSUKA FUREAI MARKET*** sa palengke ng bagsakan ng mga paninda sa 1-7 Shinomiya, Hiratsuka City. Ang oras ay magsisimula ng 7:00 ng umaga hanggang alas 8:00 ng umaga. Makabibili ng mga lokal na napapanahong mga gulay, sariwang isda, at iba pa. Ito ay matutuloy pa rin sa petsang itinakda kahit na umulan. Kung may gusto pang malaman ukol sa bagay na ito ay maaring tumawag sa ***INDUSTRIAL PROMOTION DIVISION (SANGYO SHINKO KA)*** ng Hiratsuka City. Telephone No. **0463-21-9758 (0463-21-9758)** o maaaring tumawag sa umaga ng araw ng pagdiriwang. Telephone No. **090-3215-0106 (090-3215-0106).**

## 4)IMPORMASYON UKOL SA DIREKTANG PAGBILI NG MGA ISDA

魚 直売 会のお知らせ

Sa May 24 (Saturday) ay magkakaroon ng derektang pagbili ng mga lokal na isda sa daungan ng Hiratsuka City. Dito ay magbebenta rin ng mga lokal na gulay. Ang mga sariwang isda at Shonan Shirasu ay mag-uumpisa ng pagbebenta mula 10:00 ng umaga. At

ito ay matatapos hanggang maubos ang mga paninda.

Para sa mga katanungan ukol sa bagay na ito ay tumawag lamang sa ***FISHIRIES COOPERATIVE ASSOCIATION (GYOGYO KYODO KUMIAI)*** ng Hiratsuka City. **Telephone Number 0463-21-0146 (0463-21-0146).**

## 5)IMPORMASYON UKOL SA CONCERT SA HACHIMAN YAMA NO YOUKAN

八幡山(はちまんやま)の洋館(ようかん)でのコンサートのお知(し)らせ

Sa May 21 (Wednesday) ay magkakaroon ng libreng concert sa Hachimanyama no Youkan. Mula 11:00 hanggang 12:00 ng tanghali ay magkakaroon ng ***"Classic at Pop Concert"*** at mula 2:00 hanggang 3:00 ng hapon ay isasagawa naman ang ang concert na ***"Shiro Kuma Sensei no Saron Concert".***

Para sa mas detalyadong pangalan ng kanta at musikero ay makikita sa Web site ng Hiratsuka City Office. Ang kapasidad ng lugar ay hanggang 60 taong naunang dumating. Para sa mga katanungan ay makipag-alam sa Telephone No. **0463-35-7114 (0463-35-7114).**